ISABUHAY

- Pag-isiping mabuti ang 1 Juan 4:7-14. Paano ka nakikipag-ugnayan sa iyong mga kasambahay, kapitbahay, kaeskuwela, o katrabaho? Anong mga paraan ang pupwede mong baguhin upang lalo mo pa silang mahalin tulad ng pagmamahal sa iyo ng Diyos?

  _____

  _____

- Ang pagmamahal sa kapwa ay naipapakita sa mga simple at praktikal na paraan kagaya ng pagtulong o pakikinig. Anong mga kakayahan ang meron ka na pupwede mong ibahagi sa iba?

  _____

  _____

- Ayon sa Mateo 25:34-40, pinagpapala ng Diyos ang mga kabutihang ginagawa natin sa ating kapwa. Hanggang saan ang tulong na iyong maibibigay sa mga nangangailang kamag-anak, kaibigan, o mga taong walang kaugnayan sa iyo?

  _____

  _____

IPANALANGIN

- Ipagdasal ang mga mag-asawa sa simbahan na lumakas pang lalo ang kanilang ugnayan habang ginagabayan nila ng kanilang pamilya. Ipagdasal din na maging mas mapagpatawad pa sila at mahalin nila ang isa't isa ng walang anumang kundisyon.

- Ipanalangin ang bawat miyembro ng simbahan na maipamuhay nila ang pagmamahal ng Diyos sa kanilang mga tahanan, trabaho, at komunidad, at mailapit nila sa Diyos ang marami pang tao.

- Ipagdasal ang *EN2010 Committee* habang hinahanda nila ang mga detalye ng *conference*, kasama na dito ang *registration* sa Marso 1, 2010.

EN2010 MANILA
JULY 22-24, 2010
SMX CONVENTION CENTER, MALL OF ASIA COMPLEX
WWW.EN2010.COM

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

Mahalin ang Isa't Isa

February 14, 2010

[FILIPINO]

Sermon Notes

Date: _____

Text: _____

Small Group Material

PAG-USAPAN

- Naranasan mo na bang magpaubaya sa iyong kapwa? Ano ang iyong naramdaman nang ginawa mo ito?

- May pagkakataon bang nangailangan ka ng tulong para sa isang mabigat na gawain? Ano ang ginawa mo para matapos iyon?

ARAL

Magmahalan kayo bilang magkakapatid.
Maging magalang kayo sa isa't-isa.

Roma 12:10

Sa paglipas ng panahon, ang pag-ibig ay nagkaroon na ng maraming kahulugan. Gayunpaman, ang Bibliya ay mayroong sariling pamantayan sa pag-ibig at isa na rito ang paggawa ng kabutihan para sa kapwa. Sinasabi din doon na tayo'y nagmamahal dahil una tayong minahal ng Diyos (1 Juan 4:19) at ang pag-ibig na ito ay ipinakita ni Kristo nang ibinigay Niya ang Kanyang buhay para sa atin (Roma 5:8). Tulad nito, inuutusan tayo ng Diyos na mahalin ang isa't-isa (Juan 13:34,35).

Ang pagkaintindi natin sa pag-ibig ay nakikita sa kung paano tayo makitungo sa ating kapwa. Kapag ang pakikipag-ugnayan natin sa iba ay hindi makasarili, naipapakita natin ang pag-ibig na tulad ng kay Kristo.

Ang pag-ibig na tulad ng kay Kristo ay nagdudulot ng mabuti sa ating kapwa.